# 1st
## Annual Representative Assembly
## March 24, 2018




## TALAAN NG NILALAMAN

Mensahe mula sa Chairman of the Board at General Manager **Pahina 2**

Katitikan ng Pangkalahatang Pagpupulong at buod ng mga naaprubahang Board Resolutions para sa 2017 **Pahina 3-4**

Ulat ng K-Coop **Pahina 5**

Ulat ng KDCI at KMBA **Pahina 6**

Balik-tanaw sa taong 2017 **Pahina 7-8**

# 2017
## Annual Report

## MENSAHE: *Maraming mga naganap na nararapat nating ipagbunyi!*



**Para sa Kasapian ng K-Coop,**

Napakabilis ng dalawang taong paglilingkod bilang Tagapangulo ng Kabuhayan sa Ganap na Kasarinlan Credit and Savings Cooperative (K-Coop). At sa dalawang taong ito, maraming mga naganap na nararapat nating ipagbunyi.

Ngayong Marso 24, 2018 idaraos natin ang unang Asembliya ng mga Kinatawan ng ating mga kasapi. Ang unang dalawang taon ng ating Kooperatiba ay maituturing na puno ng mga tagumpay at maging mga pagsubok dahil mga taon ito ng pag-aayos at pag-aaral. Taong 2014 nang napagpasyahan ng Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI) na bumuo ng isang kooperatiba. Nagmumula ito sa kagustuhan ng pamunuan ng KDCI na ipasakamay sa mga kasapi nito ang pagmamay-ari at pamumuno sa programang microfinance ng non-government organization (NGO) na ito. Lima (5) mula sa hanay ng mga nanay-lider at sampu (10) mula sa Trustees ng NGO ang nakasama sa pagbuo ng K-Coop. Pebrero 2016 nang tayo ay nabigyan ng lisensya ng Cooperative Development Authority (CDA).

Halos 35,000 na ang ating kasapian sa tatlumpung pamayanan. Lagi kong inaabangan ang kwento ng mga nanay-kasapi tuwing pulong ng Board of Directors ng K-Coop dahil doon ko napapatunayan na nakakatulong talaga ang ating kooperatiba, at iyon ang mahalaga para sa akin at sa buong pamunuan.


Sa aking paninilbihan bilang Tagapangulo ng K-Coop, nakita ko kung gaano kaseryoso ang inyong mga tagapamahala. Masinop sila sa ating yaman at tinitiyak nilang sumusunod ang ating kooperatiba sa mga itinatalaga ng ating pamahalaan. Lagi nilang inaaral ang mga bagong patakaran upang lalong maging maayos ang kanilang paglilingkod sa kasapian ng ating kooperatiba. Maipagmamalaki rin natin na mahigit sa 30% ng empleyado ng K-Coop ay mga anak o kamag-anak ng ating mga kasapi. Malaki-laki na rin ang bilang ng mga tagapamahala/managers ng K-Coop ang anak ng ating mga kasapi. Ito ay isang malinaw na patunay na ibinabalik ng K-Coop sa mga kasapi nito ang pag-unlad ng ating kooperatiba.

Gayundin, ang mga bumubuo ng Asembliya ng mga Kinatawan ay may mahalagang papel sa pagbalangkas ng mga patakaran at pagtatakda ng direksyon ng ating Kooperatiba. Hindi biro ang inyong gampanin bilang tulay sa pagitan ng mga miyembro sa inyong pamayanan at ng pamunuan ng Kooperatiba. Naniniwala ako, ang pamunuan, at ang mga kasaping sa inyo'y naghalal na kayo ay magiging masipag, mapagmalasakit at matapat.

May galak at puno ng pag-asa ang aking dibdib na ipasa sa magiging bagong pamunuan ang matingkad na hinaharap ng Kasagana-Ka Coop. Ipagpatuloy natin ang pagsasabuhay ng kooperatibismo sa ating mga pamayanan. Mabuhay tayong lahat!

**Garth Noel P.E. Tolentino**
Chairman of the Board

## MENSAHE: *Patuloy nating ipagpunyagi ang diwa ng kooperatibismo*



**Mahal naming mga Kasapi,**

Ikinagagalak ko na maiparating sa inyo ang taunang-ulat ng ating kooperatiba.

Noong katapusan ng 2017 ay may halos 35,000 na tayong kasapi. Higit sa Php 20 milyon ang kinita ng K-Coop at Php 4 milyon ang ipapamahagi nito bilang balik-tangkilik (patronage refund) sa ating mga kasapi.

Sa tulong ng ating mga kapatid na institusyon, ang Kasagana-ka Mutual Benefit Association (KMBA) at ang Kasagana-ka Development Center Inc. (KDCI), nagagampanan natin ang pagtitiyak na hindi pera-pera lang ang ating kooperatiba bagkus pinaglalaanan natin ng ingat at husay ang paglilingkod sa ating mga kasapi sa pamamagitan ng mga programang pangkabuhayan, pang-edukasyon at pagsasanay, pangkalusugan, pabahay at pangseguro. Patuloy din ang ating maayos na pakikipag-ugnayan sa Cooperative Development Authority at iba pang katuwang sa serbisyo tulad ng mga lokal na pamahalaan sa Bulacan, Rizal, Cavite, Laguna at NCR, gayundin sa SSS, Philhealth, Philippine Statistics Authority, Credit Information Corporation, at sa BIR. May mga katuwang din tayo na NGOs at pribadong sektor tulad ng Healthdev Integrative Clinics, Unilever at Habitat for Humanity. Patunay ang lahat ng ito sa masidhing pagnanais na matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng ating mga kasapi.

Laging hamon sa pamunuan at pamahalaan ng Kasagana-ka Coop ang pagtitiyak na masinop at angkop ang mga produkto at serbisyo natin. Kaya naman pinapahalagahan namin ang walang-sawang paglahok ng mga kasapi sa mga panayam, talakayan at survey na ginagawa ng iba't ibang satellite offices natin. Bahagi rin sa kultura ng ating kooperatiba ang pagpapalapot sa ugnayan ng ating mga kasapi sa pamamagitan ng pakikipagpulong sa pamunuan ng ating mga sentro. Kung hindi sa mga Center Chiefs at mga Officers ng mga sentro, magiging mabuway ang ating samahan. Dahil sa kanilang pagod at pagpupunyagi kaya natin narating ang yugtong ito ng ating koopertiba.

Tanawin natin ang 2017 na puno ng pasasalamat at ang 2018 na puno ng pananabik. Sama-sama tayong kikilos sa pamamagitan ng pag-aambag-ambag at patuloy na pag-aaral o esep-esep para umunlad ang ating buhay-buhay.

Patuloy nating ipagpunyagi ang diwa ng kooperatibismo sa ating mga pamilya, sentro, at pamayanan!

**Maria Anna de Rosas-Ignacio**
General Manager

# KATITIKAN NG UNANG PANGKALAHATANG PAGPUPULONG

Sa pulong ng Pangkalahatang Asembliya (General Assembly) noong ika-25 ng Marso 2017, kung saan mayroong quorum, pinagtibay ang mga sumusunod:

- Ulat ng Pangulo at Ulat ng Ingat-Yaman para sa taong 2016
- Budget para sa 2017
- Mga pagbabago sa Articles of Incorporation

| | |
|---|---|
| *Pagtatama ng pangalan ng kooperatiba (Article I)* | *Kabuhayan sa Ganap* ***na*** *Kasarinlan Credit and Savings Cooperative* |
| *Paglilinaw ng Common Bond and Field of Membership (Article VI)* | ***Residents of urban poor areas and resettlement sites of, including but not limited to, NCR, REGION III and REGION IV-A*** |
| *Pagtataas ng Capitalization (Article X)* | ***Ten Million Pesos (Php10,000,000.00),*** *divided into* ***One Hundred Thousand (100,000)*** *shares* |
| *Pagtataas ng Subscribed and Paid-Up Share Capital (Article X)* | ***Three Million Pesos (Php3,000,000.00)*** *has been subscribed, and* ***Three Million Pesos (Php3,000,000.00)*** *of the total subscription has been paid* |

- Mga pagbabago sa By-Laws:

| | |
|---|---|
| *Kwalipikasyon para maging Miyembro (Article II, Section 2)* | ***Residents of urban poor areas and resettlement sites of, including but not limited to, NCR, REGION III, and REGION IV-A*** |
| *Membership fee na Dalawampung Piso (Php 20.00)* | ***Which may be adjusted by the Board from time to time*** |
| *Pagbuo ng Representative Assembly* | Kabilang ang mga probisyon ukol sa paghalal ng mga kinatawan |
| *Termino ng panunungkulan ng mga miyembro ng Komite* | Ginawang dalawang taon |
| *Mga bubuo sa Election at MedCon Committees* | Sila ay dapat na magmula sa mga Center Representatives |
| *Panuntunan sa Capital Build-up (Article VII, Section 2)* | ***Every member shall also have a minimum capital build-up of:***<br>*-At least 10% of his/her annual interest on capital and patronage refund; and*<br>*-Complete payment of subscribed shares every time dividends are distributed until such time that all his/her subscribed shares have been fully paid.* |

- Ratipikasyon ng Kapulungan sa lahat ng mga aksyon at desisyon na napagkasunduan ng Lupon at ng Pamunuan ng K-Coop sa taong 2016.
- Pagbuo ng K-Coop Board of Advisers mula sa mga cooperators at Board of Trustees ng KDCI
- Panuntunan para sa halalan (Election Guidelines) ng bubuuing Representative Assembly, mga miyembro ng Lupon (Board of Directors) at mga Komite (elective committee membership)
- Pagkakahalal sa mga bagong miyembro ng Lupon (Board of Directors):
  - Gng. Martiniana Mancio
  - Gng. Elizabeth Yayon
  - Gng. Chona Capayas
- Muling pagkakahalal sa mga sumusunod bilang miyembro ng Election Committee:
  - Atty. Ferdinand Casis
  - Atty. Henry Yusingco
  - G. Jaime Varela
- Pagkakahalal sa mga miyembro ng Audit Committee:
  - G. Romeo Santos, Jr.
  - G. Felipe Ramiro, Jr.
  - Atty. Eduardo Pangan
- Binigyan ng kapangyarihan si GM MeAn de Rosas-Ignacio na kumatawan sa K-Coop at pumirma sa Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng K-Coop at KMBA. Sa ilalim ng MOA, K-Coop ang mangongolekta ng bayad ng mga miyembro para sa microinsurance na iniaalok ng KMBA. Bilang kapalit, tatanggap ang K-Coop ng service fee katumbas ng tatlong bahagdan (3%) ng halagang nakolekta.
- Pagsisimula ng bidding process sa pagkuha ng external auditor para sa FY 2017
- Pagdalo ng General Manager sa International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF) sa Oktubre 2017, at pagrepaso ng polisiya sa per diem para sa mga lakbay-aral sa ibang bansa

Bilang pagpapatunay sa mga napagkasun-duan sa itaas, kami ay lumalagda:

| | |
|---|---|
| **Atty. Ferdinand M. Casis**<br>Cooperative Secretary | **Garth Noel P. E. Tolentino**<br>Chairperson |

# BUOD NG MGA BOARD RESOLUTION PARA SA TAONG 2017

**2017-6** Approving the proposal to amend the Articles of Incorporation to provide for the allocation of the net surplus in accord with the provisions of Republic Act No. 9520
**2017-6A** Amending the list of authorized signatories for the Cooperative's peso current account with Philippine National Bank, Antipolo Circumferential Road Branch, Antipolo City
**2017-6B** Amending the list of authorized signatories for the Cooperative's peso current account with RCBC Savings Bank – Cogeo Branch
**2017-7** Approving the 2016 Audited Financial Statements as presented
**2017-8** Approving the April 2017 Financial Statement
**2017-9** Approving the new projections and the improvements in salary and benefits of employees, effective July 1, 2017
**2017-10** Approving the first draft of the Governance Manual
**2017-11** Retaining the cooperators as members of the K-Coop Board of Advisers
**2017-12** Authorizing Mr. Garth Noel Tolentino, Chair, to sign the Locational Clearance for Business Permit Renewal
**2017-13** Creating a Retirement Plan for K-Coop Employees, and allowing PERAA to manage the retirement fund
**2017-13A** Authorizing the Chairperson, the General Manager, the Chief Financial Officer and the Human Resources Manager to sign documents pertaining to PERAA membership, and specifying their respective signing functions
**2017-14** Creating the Human Resources Committee, and appointing its first set of members
**2017-15** Approving the distribution of performance bonus for the first half of FY2017
**2017-16** Adopting the K-Coop Governance Manual
**2017-17** Authorizing certain officers to sign in their respective capacities relative to the Cooperative's Cainta Satellite Office's bank account with the Security Bank
**2017-18** Authorizing the opening of an account with RCBC Savings Bank, Montalban Branch, and naming officers authorized to sign for purposes of withdrawal and issuances of check
**2017-18A** Authorizing the opening of an account with Philippine National Bank - Montalban Branch, and naming officers authorized to sign for purposes of withdrawal and issuances of check
**2017-19** Amending the list of signatories relative to the Cooperative's peso current account with RCBC Savings Bank Cogeo Branch
**2017-19A** Amending the list of authorized signatories relative to the Cooperative's Tungko Satellite Office's account with UCPB
**2017-19B** Amending the list of authorized signatories relative to the account of the Cooperative with the Bank of the Philippine Islands, Marilao Branch
**2017-19C** Amending the list of authorized signatories relative to the account of the Cooperative with Security Bank-Taytay Branch
**2017-19D** Authorizing the opening of an account with the Union Bank and authorizing officers to sign pertinent documents on behalf of the Cooperative's San Pedro Satellite Office
**2017-20** Authorizing the opening of a peso current account at United Coconut Planters Bank (UCPB), Quirino Highway
**2017-21** Authorizing Ms. Sarah Jean Sarmiento, Satellite Office Manager of K-Coop Sumulong Satellite Office (SatO), to sign, on behalf of the cooperative, the contract for the lease of office space for the said SatO
**2017-22** Amending the list of authorized signatories relative to the Cooperative's account with Asia United Bank-Guiguinto Branch
**2017-23** Amending the list of authorized signatories relative to the Cooperative's account with PNB Savings Bank Silang, Cavite Branch
**2017-24** Authorizing certain Accounting Officers to act as the representative of their respective Satellite Offices in transacting with the local government of Antipolo City and signing pertinent documents for the purpose of securing a business permit
**2017-24A** Amending the list of authorized signatories relative to the Cooperative's account with Asia United Bank-Camarin Branch
**2017-25** Increasing the Basic Pay of the General Manager effective October 2, 2017, subject to the point-system evaluation to be administered by the HRMDS
**2017-26** Increasing the basic pay of the Operations Manager and the Chief Financial Officer, subject to the point-system evaluation and recommendations of the HRMDS on its effectivity
**2017-27** Approving the revised policies on K-Bahay Windows 1-3 and K-Edukasyon
**2017-28** Recommending to the General Assembly the engagement of the services of Ms. Minette Ame as K-Coop External Auditor
**2017-29** Authorizing the opening of a checking/corporate account with Land Bank of the Philippines Commonwealth Branch, and naming authorized officers to transact and sign withdrawal slips, deposit slips and checks of the Cooperative and to perform any related banking transactions thereat
**2017-30** Approving the policy whereby the amount of annual donation to KDCI will be that portion of the total program subsidy equivalent to the prevailing interest rate given to members' savings
**2017-31** Approving the 2018 Budget
**2017-32** Approving the distribution of patronage refund based on the net surplus by the end of FY 2017, and recommending to the General Assembly the deferment of the distribution of the interest on share capital in order to strengthen the capital structure of the Cooperative
**2017-33** Granting authority to negotiate and obtain a credit line from Land Bank of the Philippines in the maximum amount of ten million pesos; and authorizing the Board Chair and General Manager to represent the Cooperative and sign all pertinent documents relative to said credit line
**2017-34** Revising the policy on interest rate on savings
**2017-35** Authorizing the opening of an eVIP with RCBC Savings Bank, Binangonan Branch
**2017-36** Approving the transfer of Las Pinas Satellite Office
**2017-37** Approving the grant of 2017 Christmas Gift to all regular employees
**2017-38** Approving the Election Guidelines
**2017-39** Authorizing Mr. Dexter Flores to sign all documents on behalf of this Cooperative pertaining to the lease of venue for the General Assembly scheduled on March 24, 2018

# ULAT NG K-COOP PARA SA TAONG 2017

## MEMBERSHIP GROWTH

34,639 members

Active Borrowers: 31,591 (91%)

Pure Savers: 3,048 (9%)

## NUMBER OF LOANS PER PROGRAM

### • LIVELIHOOD AND ENTERPRISE DEVELOPMENT

30,959 members (98% of total number of active borrowers)

**68,605** number of enterprises funded since Jan 2017

### • EDUCATION, TRAINING, AND FORMATION

5,255 members (17% of total number of borrowers)

**12,076** educational assistance or loan since Jan 2017

### • HEALTH AND WELLNESS

6,841 members (22% of total number of borrowers)

12,258 members Health assistance since Jan 2017

3,184 availed K-Kalusugan W1

2,812 Unilever Pureit Units + 849 GKK

### • SECURITY, SHELTER, AND SAFETY

1,355 members (4% of total number of borrowers)

**1,637** housing, security of tenure, and calamity assistance since Jan 2017

### • SOCIAL PROTECTION

SOCIAL SECURITY SYSTEM

425 members Enrolled in SSS

1,013 Enrolled in PhilHealth

17,354 Units of K-Kalinga

6,130 Enrolled in KoK

2,101 Enrolled in RMSI Care

*Data as of December 31, 2017*

# ULAT NG KASAGANA-KA DEVELOPMENT CENTER, INC. (KDCI)

1. **ORGANIZATIONAL DEVELOPMENT**
   - Amended SEC registration (removed MFI operation)
   - Acquired PCNC Certification for Donee Status
   - New CEO hired

2. **PROGRAM DEVELOPMENT**
   - Conducted Needs Assessment Survey of CBs/members with 17,012 respondents
   - Formulated Logical Framework for all programs
   - Created partnership with Likhaan and Phil. Children's Medical Center (PCMC)

3. **KDCI PROGRAM ACCOMPLISHMENTS**
   - **Livelihood and Enterprise Development**
     - 508 Client-beneficiaries ang nabigyan ng livelihood at entrepreneurial training
   - **Education, Training, and Formation**
     - 372 Center chiefs ang nabigyan ng Leadership Training Session
     - 10 schools ang nabigyan ng assistance sa pamamagitan ng Adopt-a-school program
   - **Security, Shelter, and Safety**
     - 38 K-Coop staff ang nabigyan ng pagsasanay patungkol sa Incremental build
     - Nakapagbuo ng Kasagana-ka Disaster Manual
     - 529 Centers ang nai-mapa ang hazards sa kanilang lugar.
     - Bumuo ng K-Solar Sari-sari Store Project sa Sitio Catmon, Rodriguez, Rizal upang mabigyan ng mura, accessible at ligtas na pailaw ang 10 pamilya.
   - **Health and Wellness**
     - 4,238 Client-beneficiaries at kanilang mga pamilya ang nabigyan ng access sa mura at de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan (labtest)
     - 1,050 na kababaihan ang nasuri ang kanilang cervix sa pamamagitan ng papsmear
     - 694 Client-beneficiaries ang nagkaroon ng salamin para sa malinaw na paningin
     - Nagkaroon ng Health Coordinators na siyang magtuturo at gagabay sa mga K-Kalusugan Kadet.
     - 29 na Satellite Offices ang nagkaroon ng mga Health Champions
     - 416 Client-beneficiaries ang nagkaroon ng mga medical apparatus upang mamonitor ang sitwasyon ng kanilang kalusugan.
     - Nagsagawa ng blood-letting event sa pakikipag-uganayan sa Phil. Childrens Medical Center
   - **Social Protection**
     - 409 Client-beneficiaries ang nai-ugnay sa Social Security System (SSS)
     - 6,130 Client-beneficairies at kanilang mga pamilya ang nagkaroon ng Burial Assistance Plan o Kwarta o Kahon.
     - 2,101 Client-beneficiaries ang nagkaroon ng Daily Hospital Benefit sa pamamagitan ng RMSI Care.

# ULAT NG KASAGANA-KA MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION (KMBA)

1. **MEMBERSHIP**
   - Total membership of 48,928
   - Associate members constitute 31% of the total membership or 15,045
   - P6.7M have been disbursed for 478 claims
   - 73 terminated members or P407,453

2. **BASIC LIFE INSURANCE PRODUCT (BLIP)**
   - 475 total number of claims
   - P 6,721,911 amount of claims

3. **CREDIT LIFE INSURANCE PRODUCT (CLIP)**
   - CAPS-R- 100% CLIP cover of all loans
   - K-Coop: Except K-Kalusugan
   - JVOFI has tied up with another insurance company for loan's insurance

4. **K-KALINGA**
   - 17,354 enrolled in K-Kalinga
   - 4 accidental deaths and 25 fire assistance
   - Total of P 225,000 claims released

5. **K-20**
   - 71,029 enrolled. Forged partnership with Sunlife Grepa
   - 75 claims or total of P 750,000 amount of claims

6. **CALAMITY ASSISTANCE**
   - 31 claims
   - Total of P 93,000 calamity assistance released

7. **SCHOLARSHIP**
   - 40 College and 60 High school
   - Total of P 498,000 financial assistance

8. **PHILHEALTH**
   - 1,032 enrolled in PhilHealth

9. **TRAININGS ATTENDED**
   - Microinsurance Forum- January 24, 2017
   - Mi-MBA Investment Management Workshop- January 25, 2017
   - CIC Compliance Workshop- January 25, 2017
   - Mi-Map- March 29, 2017
   - Governance and AMLA Workshop- May 24-25, 2017/October 25-27, 2017
   - Fraud Management Manual Writeshop- August 21-23, 2017
   - 2017 Management Forum: Strategic Management for Mi-MBA- November 21-23, 2017
   - ICMIF in London in 5-5-5 Strategy- October 25-27, 2017

10. **AWARD**
    - KMBA **placed 9th** among the TOP TEN overall Insurance Companies and Mutual Benefit Associations

# BALIK-TANAW SA TAONG 2017

## SIPAT-LANDAS PARA SA MGA EMPLEYADO

*Pebrero- Marso 2017*

Ang Sipat-Landas ay taunang aktibidad ng Kasagana-ka na naglalayong makapag-ulat sa mga empleyado patungkol sa naging performance at mga plano ng apat (4) na organisasyon: K-Coop, KDCI, KMBA, at KPF. Sa aktibidad na ito ay nagbabahagi ang mga empleyado ng kanilang mga matitingkad na karanasan sa Kasagana-ka. Mayroon ding mga special topic na makakatulong sa iba't ibang aspeto ng buhay ng isang empleyado tulad ng pinansiyal, emosyonal, at ispirituwal.













## SIPAT-LANDAS PARA SA MGA MIYEMBRO

*Mayo- Hunyo 2017*

Ang Sipat-Landas ay taunang aktibidad ng Kasagana-ka na naglalayong makapag-ulat sa mga miyembro/client-beneficiaries (CB) ukol sa naging performance at mga plano ng tatlong (3) organisasyon: K-Coop, KDCI, at KMBA. Dito ay nagbabahagi ang mga miyembro ng kanilang karanasan at dahilan ng pananatili sa Kasagana-ka. Ito din ang panahon kung kailan naipapamalas ng mga miyembro ang kanilang mga talento sa pag-awit at pagsayaw. Ang mga special topic na ibinabahagi sa aktibidad na ito ay makakatulong at naaangkop sa mga miyembro.





## KDCI 15th YEAR ANNIVERSARY

*Setyembre 29, 2017*

Simple ang naging pagdiriwang ng Ika-15 taong anibersaryo ng KDCI. Sa pagkakataong ito ay iginawad ang iba't ibang parangal partikular na ang Loyalty Award para sa mga empleyado na naka-lima, sampu at labing-limang taon na sa organisasyon, Natatanging Socioeconomic Officer at Natatanging Accounting Officer, at MARCELO Award para sa mga indibidwal na nagbigay ng natatanging ambag sa organisasyon. Ang mga pinagkalooban ng MARCELO Award ay sina Mr. Arturo Hilado, ang Chairman ng KDCI Board of Trustees, Mr. Jaime Varela, Mr. Garth Noel Tolentino, at Ms. Maria Anna Ignacio na kapwa mga miyembro ng Board of Trustees ng KDCI.

















## LEADERSHIP TRAINING

*May-November 2017*

Sa ikaapat na taon ng Leadership Training ay madaming bagong kaalaman at karanasan ang naidagdag sa bawat center chief na dumalo. Ang programang ito ng KDCI ay sadyang dinisenyo upang hubugin ang kasanayan sa pamumuno ng mga nanay, hindi lamang sa kanilang kinabibilangang sentro kundi maging sa kanilang pamilya at komunidad. Sa taong ito ay binigyang-diin ang paggawa para sa kinabukasan. Ito ay pinamagatang 'Best Year Ever: Imagine your future now' sa pangunguna ni Bro. Boggs Burbos, Feast Builder ng Dasmariñas at Bacoor, sa ilalim ng  Catholic Group na Light of Jesus Community.

## DECEMBER GENERAL ASSEMBLY/MEMBERS' YEAR-END PARTY

*December 2017*

Ito ay aktibidad para sa mga miyembro bago matapos ang taon kung saan sila ay nagkakaroon ng pagkakataong maipamalas ang kanilang mga talent sa pamamagitan ng iba't ibang kompetisyon na ginaganap dito. Bawat Satellite Office ay may iba't ibang patimpalak tulad ng dance contest, Mrs. Kasagana-ka, Parol Making Contest, at iba pa, Mayroon ding pagkakataong manalo ng iba't ibang prizes ang mga miyembro tulad ng appliances, kabuhayan showcase, at iba pa.











**KABUHAYAN SA GANAP NA KASARINLAN**

Credit and Savings Cooperative

CDA Reg. No. 9520-1016000000028521

5 Don Francisco St. Don Enrique Heights, Barangay Holy Spirit, Commonwealth, Quezon City 1127

Tel no. 931-4335/897-3014 Fax No. 931-4335

1st Annual Representative Assembly
March 24, 2018

K-CO
OP

TALAAN NG NILALAMAN


Mensahe mula sa Chairman of the Board at General Manager Pahina 2

Minutes of the 2017 General Assembly and approved Board Resolutions Pahina 3-4

Ulat ng K-Coop Pahina 5

Ulat ng KDCI at KMBA Pahina 6

Balik-tanaw sa taong 2017 Pahina 7-8


2017 Annual Report

Ang K-Coop 2017 Annual Report ay ang pag-uulat ng pamunuan ng Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative sa mga miyembro nito ng katayuan ng kooperatiba sa aspeto ng pinansiyal, bilang ng miyembro, mga naabot ng mga programa nito, at iba pa.


**Editorial Committee at contributors**

Garth Noel Tolentino, Maria Anna de Rosas-Ignacio, Dexter Flores, Ma. Christina Valte, Silvida Reyes-Antiquera, Princess Fatima Parahiman, Armeena Celine Pascual-Ramos, Randee Cabases at Angelyn Jolo